# Mga Balita | Dateline Philippines



## MENSAHE NG AREA PRESIDENCY



LITRATO IPINAGKALOOB NG CHURCH MEDIA LIBRARY

# Pagdiriwang para sa mga Pioneers



Ni Elder
Larry Echo Hawk
Area Presidency

### Ang Organisasyon ng Simbahan

Ang Aklat ni Mormon ay inilathala noong Marso 26, 1830. Ilang araw pagkaraan, noong Abril 6, 1830, isang maliit na grupo ang nagtipon sa bahay na yari sa kahoy na pag-aari ni Peter Whitmer, Sr. Sa araw na iyan anim na lalaki ang hinirang na mangangasiwa sa bagong organisasyon na kikilalanin bilang Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw. Sina Joseph Smith at Oliver Cowdery ay buong pagkakaisang hinirang bilang una at pangalawang mga elder ng katatatag na Simbahan ni Jesucristo.

### Paglago ng Simbahan

Makaraan ang isang daan at walumpu't apat na taon, sa Pangkalahatang Kumperensya noong Abril 2014, si Brook P. Hales, Secretary sa Unang Panguluhan, ay nag-ulat na hanggang nitong nakaraang Disyembre 31, 2013, mayroon nang 3,050 Stake, 405 Mission, 571 District, at 29,253 Ward at Branch. Ang kabuuang bilang ng mga miyembro ng Simbahan ay 15,082,028. Mayroon ding 83,035 Full-Time Missionary at 24,032 Church-Services Missionary na naglilingkod sa panahong iyan. At 141 ang bilang ng nagagamit na templo.

### Pamana ng Pioneer

Makaraan ang 17 taon matapos maorganisa ang Simbahan, pinamunuan ni Brigham Young ang unang grupo sa paglalakbay patungo sa Rocky Mountains sa paghahanap ng ligtas na lugar para panirahanan ng mga miyembro at masamba ang Diyos ayon sa ipinanumbalik na ebanghelyo. Napilitang umalis ang mga naunang pioneer na ito ng Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling

Araw dahil sa matinding oposisyon at pag-uusig na naranasan nila. Bago ito sila ay pinalayas na sa Missouri. Pagkatapos muling maitayo ang kanilang tahanan sa Nauvoo, Illinois at sa palibot nito, lalo pa silang dumanas ng oposisyon. Kalaunan, noong 1844, si Joseph Smith at ang kanyang kapatid na si Hyrum Smith, ay pinaslang ng mga mandurumog habang nakapiit sa Carthage, Illinois. Hindi nagtagal, ang mga Banal ay muling sapilitang pinaalis sa kanilang mga tahanan at sa kanilang bagong tayong templo sa Nauvoo, Illinois.

Noong Hulyo 24, 1847 unang nakita ni Brigham Young ang Salt Lake Valley at nagsabing: "Ito ang tamang lugar, magpatuloy tayo." Isang monumento ang nakatayo ngayon sa lugar kung saan niya sinambit ang pahayag na ito. Nagdaraos ng "Pioneer Day Celebration" kada taon sa Estado ng Utah. Tunay na kamangha-manghang makita ang paglago ng Simbahan mula sa maliit nitong pinagmulan sa bahay na iyon na yari sa kahoy sa New York. Ang napakalaking paglago nito ay maaaring hindi naganap kung hindi dahil sa espirituwal na katatagan at pagsasakripisyo ng maraming tapat na miyembro mula sa araw na maorganisa ang Simbahan noong 1830.

### Mga Pioneer sa Pilipinas

May dahilan din para sa pagdiriwang sa Pilipinas. Sa buwan ng Hulyo, ang mga miyembro ng Simbahan sa Pilipinas ay dapat bigyan ng panahong alalahanin ang paglalakbay ng mga 70,000 Mormon pioneer patungo sa Great Plains at sa bulubunduking teritoryo para manirahan sa Salt Lake Valley kung saan lalago at uunlad ang Simbahan. Ito ay malaking pamana ng pananampalataya at pagsasakripisyo na nagbibigay ng pagpapala ngayon sa lahat ng miyembro ng ipinanumbalik na Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw.

Dapat ding alalahanin at ipagdiwang ng mga miyembro ng Simbahan sa Pilipinas ang "mga pinoneer" na nagpagal para maipalaganap ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo sa buong Pilipinas.

Ang kahulugan ng pioneer sa American Heritage Dictionary ay "isang taong naglakas-loob na magtungo sa di kilalang teritoryo", isang "tagatuklas" at isang "naglakbay na kawal na isinugo upang ihanda ang daan." Ang kahulugang ito ng "pioneer" ay dapat magpaalala sa ating lahat na dapat tayong magpasalamat para sa maraming missionary na nilisan ang kanilang tahanan at "naglakbay" sa





iba't ibang bahagi ng Pilipinas upang ibahagi ang ebanghelyo. Dapat din nating ipagdiwang ang "mga tagatuklas" na iyon na unang mga miyembro ng kanilang pamilya na sumapi sa Simbahan. Sila ang "naglakbay na mga kawal" na naghanda ng daan para mapagpala ang kanilang inapo dahil nalaman nila ang katotohanan ng ipinanumbalik na ebanghelyo. Ito ang iba't ibang uri ng "mga pioneer", at dapat din silang alalahanin at ipagdiwang dahil sa kanilang paglilingkod at pagsasakripisyo sa magandang bansang ito.

Dapat nating pagsikapang malaman ang kanilang kasaysayan bilang mga makabagong pioneer na nagpatatag sa Ang Simbahan ni Jesucristo ng mga Banal sa mga Huling Araw sa Pilipinas. Ang buklet na may pamagat na: "My Family – Stories That Bring Us Together [Aking Pamilya - Mga Kuwento na Naglalapit sa Amin]" ay isang napakagandang paraan hindi lamang sa pagrekord ng kasaysayan ng kanilang pananampalataya at pagsasakripisyo, kundi humahantong din ito sa nakapagliligtas na mga ordenansa na isinagawa sa mga templo.

**Ang Ebanghelyo ay Patuloy na Lalaganap**

Alalahanin natin at patotohanan na ang ipinanumbalik na ebanghelyo ni Jesucristo ay lumalaganap at pinupuno ang buong mundo. Gaya ng isinulat ni Propetang Joseph Smith noong Marso 1, 1842: "Ang Pamantayan ng Katotohanan ay naitayo na; walang kamay na di pinaging banal ang maaaring pumigil sa pagsulong ng gawain; ang mga pag-uusig ay maaaring magngitngit, ang mga mandurumog ay maaaring magkaisa, ang mga hukbo ay maaaring magtipon, ang kasinungalingan ay maaaring manira, subalit ang katotohanan ng Diyos ay magpapatuloy nang may kagitingan, may pagkamaharlika, at may kalayaan, hanggang sa makapasok ito sa bawat lupalop, makadalaw sa bawat klima, makaraan sa bawat bansa, at mapakinggan ng bawat tainga, hanggang sa ang mga layunin ng Diyos ay matupad, at ang dakilang Jehova ay magsabing ang gawain ay naganap na." Dapat manguna ang bawat isa sa atin sa pakikibahagi sa "pagpapabilis" ng gawaing ito ng kaligtasan. ■

# Mga Tinig ng **LDS sa Pilipinas**

## Paano Ninyo Itinuturo sa Inyong mga Anak na Ihalintulad ang mga Banal na Kasulatan sa Kanilang Sarili?

Sa tuwing nagbabasa kami ng mga banal na kasulatan, itinuturo namin ang mabubuting bagay na matatagpuan sa bawat kuwento. Halimbawa, sinasabi namin sa kanila kung gaano sila kamahal ng Ama sa Langit sa pagkukuwento tungkol sa paglikha; nadarama nila kung gaano kamahal ni Jesucristo ang lahat ng tao dahil inigtas Niya tayo mula sa ating mga kasalanan. Natututo rin sila mula sa salaysay ng mga propetang gaya ni Nephi na tapat sa pagkuha ng laminang tanso; mga aral tungkol sa katapangan at pananampalataya gaya sa kuwento tungkol kay David nang talunin niya si Goliat; at pagkatutong makinig sa mga pahiwatig ng Espiritu tulad ng batang si Samuel.



**Janice Mae Canlas**
*Quezon City Philippines South Stake*

Kami ng asawa ko ay regular na nagbabasa sa kanila ng mga banal na kasulatan, kadalasan bago matulog. Nagsasalitan kami sa pagbabasa ng mga talata, at pagkatapos ay nagtatanong kami sa kanila tungkol sa binasa namin. Tinuturuan namin sila sa pamamagitan ng pagpapakilala ng mga tauhan at pagpapaliwanag kung paano sila naging mga propeta at "bayani" sa kuwento. Ang aming anak na si Isaac ay gustung-gusto ang salaysay tungkol sa 2000 kabataang mandirigma. Si Hailey naman na aming anak na babae, ay inaasam ang araw na makakapagmisyon siya dahil sa halimbawa ni Ammon.



**Regina Villanueva**
*Quezon City Philippines South Stake*

Tinuturuan namin sila na ihalintulad sa kanilang sarili ang mga banal na kasulatan sa pamamagitan ng pagpapaliwanag ng mga alituntunin at pagsasabuhay ng mga turo sa kanilang araw-araw na gawain. Minsan, pinag-aralan namin ang tungkol kay Esther at sa kanyang taimtim na pagdarasal at pag-aayuno. Matapos magkuwento sa kanila, sinabi namin sa kanila na makapagdarasal sila palagi sa Ama sa Langit kung may kailangan kami, tulad ng kapag nalulungkot kami at may sakit o kailangan ng basbas kapag may exam sa paaralan.



**Christopher Macariola**
*Quezon City Philippines South Stake*

Mga Mithiin ng Philippine Area –
**Magpakabusog sa mga Salita**

# PINAKAMAGAGANDANG GAWI PARA SA MATAGUMPAY NA PAG-AARAL NG MGA BANAL NA KASULATAN

Araw-araw kaming nagbabasa ng mga banal na kasulatan, nagdarasal bilang pamilya at nagpa-family home evening linggu-linggo sa nakaraang anim na taon o mahigit pa. Sa una mahirap gawin ito dahil may iba't ibang iskedyul ang mga bata sa paaralan at trabaho. Pinag-usapan namin ito sa aming family council noong nag-home evening kami at nagkasundo kami na gawin ito nang regular tuwing alas-9 ng gabi. Ang Lunes ay para sa family home evening, ang alas-9:00 n.g. ay para sa araw-araw na pagbabasa ng banal na kasulatan, na susundan ng pagdarasal ng pamilya. Dahil bahagi kaming lahat ng desisyong ito, ang lahat ay nangakong iiwanan ang anumang ginagawa nila kapag sumapit ang alas-9:00 n.g.

Nakakadismaya sa una kung may nagrereklamo lalo na sa mas matatandang anak na nagsisikap nang mamuhay sa kanilang sarili, pero ang pakikipag-usap at pagpapaliwanag sa kanila ay nakatulong. Nang makagawain na namin ito, lahat ay nakikibahagi na at talagang inaasam na nila ito.

Nang malampasan namin ang mga naging problema sa simula at regular na nagawa ang



LITRATO KUHA NI JAYMEE ALBOS

mga programang pampamilya ng Simbahan, mas nagkalapit kaming mag-asawa, kaming mga magulang at mga anak, at silang magkakapatid. Mas nagkaroon ng bukas na pag-uusap, mas dumalang ang pagtatalo ng magkakapatid, at nabawasan ang pagtaas ng mga boses sa loob ng tahanan. Nagkaroon ng mas maraming tawanan at ngiti kaysa kalungkutan.

Ang lahat ng karanasang ito ay nagturo sa akin na kung gagawin natin ang ating tungkulin bilang mga magulang at isinasaisip ang ating resposibilidad, tutulungan tayo ng Panginoon at maglalaan ng paraan para regular nating magawa ang mga bagay na ito. Tulad nang ipinayo ni Pangulong Spencer W. Kimball, dapat nating "Gawin ito! Gawin ito nang tama! At gawin ito ngayon na!"

**Teodore L. Maroket**
*Quezon City Philippines Stake*

## Katuwaan ng Pamilya sa Pag-aaral ng Banal na Kasulatan

Ni Jaymee Rose Albos

Alam natin na ang pamilya ay sentro sa plano ng Ama sa Langit. At dahil diyan, alam natin na ginagawa ng kaaway ang lahat ng kanyang makakaya upang mawasak ang pamilya. Isa sa mga paraan upang mapalakas natin ang ating pamilya ay sa pamamagitan ng regular na pag-aaral ng mga banal na kasulatan. Sa nakalipas na 3 taon, ang talata mula sa 2 Nephi 32:3 ay nananatiling pangunahing mensahe sa Mga Mithiin ng Philippines Area: "Magpakabusog kayo sa mga salita ni Cristo; sapagkat masdan, ang mga salita ni Cristo ang magsasabi sa inyo ng lahat ng bagay na dapat ninyong gawin."

Si Sister Jessie Ann Villanueva,


LITRATO KUHA NI JAYMEE ALBOS

may 4 na anak, ay nagbahagi ng mga paraan kung paano regular na makapag-aaral ng banal na kasulatan ang pamilya. "Noong maliliit pa ang aming mga anak, naglalaro muna kami bago mag-aral ng mga banal na kasulatan. Ang Gospel Art Book [Aklat ng Sining ng Ebanghelyo] ay talagang nakatulong sa aming mag-asawa sa pagtuturo ng mga alituntunin sa likod ng bawat salaysay sa banal na kasulatan. At ngayong malalaki na sila, naglalaro pa rin kami ng scriptural charades--sa pagkakataong ito, sila ang umaakto at kami ang humuhula ng sitwasyon at alituntunin." Sinabi niya na mahalagang maging interactive ang pag-aaral ng banal na kasulatan, lalo na sa maliliit na anak.

Maliban pa sa mga laro, isinasadula nila ang mga pangyayari mula sa banal na kasulatan at pagkatapos ay tinatalakay ang mga alituntunin dito. Iniisip niya rin na ang mga larawan ay kasing halaga ng teksto: "May apat-na-taong-gulang akong anak na babae na hindi pa rin nauunawaan ang Old English na nasa mga banal na kasulatan, kayat sinugurado ko na may mga materyal ako gaya ng Mga Kuwento sa Aklat ni Mormon at mga magasin ng simbahan gaya ng The Friend na naglalaman ng kuwento na may mga larawan.

Naniniwala rin siya na hindi sapat na magbasa lang ng isang kabanata at isara ang aklat nang hindi man lang nauunawaan ito. "Nagsasalitan kami sa pagbabasa ng mga talata at tumitigil kami kapag dama namin na may itinuturong alituntunin doon. Una, tinatanong namin sila kung may natutuhan sila at pagkatapos itinuturo namin sa kanila ang doktrina. Pagkatapos, hinahayaan namin silang magtanong." Kung minsan ay namamangha silang mag-asawa dahil magtatanong ang isang anak at hahantong ito sa isang pang tanong at magugulat na lang sila na panibagong doktrina na ang pinag-uusapan nila. "Nakatutuwang malaman na interesado sila at handang makibahagi sa mga bagay na may kinalaman sa ebanghelyo," ang sabi niya.

Ang isa pang sikreto sa matagumpay na pagbabasa ng banal na kasulatan ay pagsasalisik sa iba pang mga materyal. "Sumusubok kami ng bagong paraan para mas mapabuti pa ang pag-aaral ng banal na kasulatan ng aming pamilya. Pinag-aaralan namin ang mga banal na kasulatan na nasa hanbuk na Mangaral ng Aking Ebanghelyo at itinuturo namin kung ano ang aplikasyon ng bawat banal na kasulatan at bawat aralin sa missionary," sabi pa ni Sister Jessie.

Ayon sa kanya, ang mga sitwasyon ay nakakaapekto rin sa kalidad ng pag-aaral ng banal na kasulatan. "Talagang wala kaming itinakdang oras para sa pagbabasa ng banal na kasulatan dahil sa magkakaiba ang aming iskedyul. Ngunit kapag nasa bahay na ang lahat, ang tatay nila ang nagpapasimula sa pag-aaral. At lahat sila ay sumusunod. Tinitiyak

namin na hindi matatapos ang araw nang hindi kami nagbabasa ng banal na kasulatan nang personal at bilang pamilya. Dama lang namin na hindi makabuluhan ang araw kung hindi nagtitipon ang pamilya para magpakabusog sa mga salita ni Cristo."

## Ang Pamilya na Magkakasamang Nagbabasa

Ni Gelene Tobias-Domagsang

"Samantalang ang modernong teknolohiya ay nagpapabilis sa gawain ng Panginoon at tinutulungan tayo at ang ating pamilya, dapat tayong mag-ingat na hindi maging biktima ng nakasisirang aspeto nito. Hindi lamang natin iniiwasan ang masasama at nakabababang nilalaman ng ilang materyal, ngunit kailangan din nating mahiwatigan kung inilalayo na tayo ng teknolohiyang ito sa mas tahimik, mas makabuluhang paggamit ng ating oras. Dapat nating iwasan ang masyadong pag-uukol ng oras sa mga digital device na nagpapalayo sa atin sa Diyos. Kung minsan ang pinakakapaki-pakinabang na point and click application ay ang pagturo ng ating daliri sa power button at pagklik ng off sa ating mga digital device." –Elder Scott D. Whiting

Ang pag-aaral ng banal na kasulatan bilang pamilya ang isa sa mga mithiin ng pamilya Marila ng Bayto Branch, Sta. Cruz Philippines District, magmula nang mabinyagan sila noong 1997. Inamin ng pamilya na maraming hamon para makamtan ang mithiing ito, tulad ng gawain sa eskwelahan at sa bahay. Gayunpaman, inamin nila na ang paggamit ng mga gadget at electronic device ay tila isa sa pinakamalalaking problema na humahadlang sa kanilang pamilya sa pag-aaral ng mga banal na kasulatan.



LITRATO IPINAGKALOOB NG MARILA FAMILY

Bilang ama ng anim na anak, ikinuwento ni Samuel Marila, isang barangay captain at branch president, ang isang pangyayari na kinailangan niyang sirain ang cellphone ng kanyang anak para makapag-aral silang pamilya ng banal na kasulatan. Bagama't hindi iminumungkahi ni Brother Marila na gawin din ito ng iba, tila natuto rito ang kanyang anak na si Ammon at inayos ang kanyang mga prayoridad.

Sa katunayan, ang mga cellphone, television at iba pang mga gadget ang kabilang sa pinakamalalaking hadlang na kinakaharap ng maraming pamilya sa panahong ito. Ngunit sa tamang pag-uugali at pagtutuon, maaaring magawa ng mga pamilya na kagawian ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan.

"Ang pagbabasa ng mga banal na kasulatan ng pamilya ay isa sa pinakamahihirap na gawain ng pamilya. Kinakailangan dito ang katapatan, sigasig, tiyaga, at pagmamahal upang maisagawa ito nang regular.

Ang ating pamilya ay magiging mas malapit sa isa't isa sa tuwing magbabasa at mag-aaral tayo ng mga banal na kasulatan nang magkakasama. Unti-unting mag-iibayo ang kabaitan, pagmamahal, paggalang at pagkakasunduan. Mapapawi ang di-magagandang damdamin. Sa pamamagitan ng pagbabasa ng mga banal na kasulatan, ang ating ugnayan sa Ama sa Langit at kay Jesucristo ay mas titibay at magiging prayoridad natin," sabi ni Brother Marila.

Sa taong ito, muling pinagtibay ng pamilya Marila ang kanilang pangako na iprayoridad ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya. Nagtakda sila ng tiyak na oras kada araw—7:00 n.u.—bilang oras sa pag-aaral nila ng banal na kasulatan. Bagama't ang kanilang pamilya ay hindi perpekto sa pagkakamit ng mithiing ito, sinisikap ni Brother Marila na ipaalala sa kanyang pamilya na "doktrina" ang dahilan kaya mahalaga ang pag-aaral ng banal na kasulatan. Si Vea, ang kanyang bunsong anak na babae na nasa primary pa rin, ay nangunguna rin sa pag-aaral ng banal na kasulatan tuwing wala si Brother Marila. Palaging nasa tabi ng kanyang kama ang kanyang mga banal na kasulatan



LITRATO IPINAGKALOOB NG MARILA FAMILY

at hinihiling na makibahagi ang bawat isa kapag nagtitipon sila para magbasa.

Samantala, si Aleli, panganay na anak ni Brother Marila na naglingkod sa Philippines Laoag Mission ilang taon na ang nakararaan, ay nagsabi na kapag naunawaan natin na ang pag-aaral ng banal na kasulatan ay kautusan ng Diyos, mas madaling makagawian ito.

"Pumanaw ang isa naming kapatid. Sa una ay mahirap tanggapin ito pero alam ko na kapag sinunod namin ang mga utos ng Diyos bilang pamilya, makikita namin siyang muli at magsasama-sama kami magpakailanman. Ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan bilang pamilya ay isa sa mga kautusan na dapat naming sundin upang makasama naming muli ang aming kapatid," sabi niya.

Marami nang espirituwal na karanasan ang pamilya Marila sa pag-aaral nila ng mga banal na kasulatan. Nagsimula sila sa 1 Nephi 1 at binasa ang bawat kabanata. May pagkakataon pa na lahat sila ay napaiyak sa kanilang pagbabasa. Isa sa kanilang mga espirituwal na karanasan ay noong binabasa nila ang mga talata mula sa Aklat ni Mormon tungkol sa paghihirap ng pamilya ni Lehi at ang mga reaksyon ng mga anak ni Lehi. Talagang nakakaugnay sila at "naihahalintulad" ang mga talatang ito sa kanilang buhay.

"Ang pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya ang naghikayat sa akin na maghanap ng mga pamilya noong nasa misyon ako. Tiyak ko na ang aking kapatid na si Laarni, na kasalukuyang full-time missionary sa Legazpi Mission, ay nabigyang inspirasyon din na maglingkod dahil sa pag-aaral ng banal na kasulatan ng pamilya. Ang pag-aaral ng banal na kasulatan ay nagpapasaya sa aming pamilya. Nabawasan ang pagtatalo at mas nagagabayan kami ng Espiritu sa kabila ng maraming pagsubok."

Ngayon, ang pamilya Marila ay nahihirapan pa rin na magawang palagian ang pag-aaral nila ng banal na kasulatan. Pero patuloy pa rin nilang sinisikap na magawa ito. Hindi paraan ang talagang tinutukoy rito. Para sa kanila, wala talagang partikular na paraan para maging regular at matagumpay ang pag-aaral ng mga banal na kasulatan ng pamilya. Maaaring ang bawat pamilya ay may iba't ibang istilo at paraan na epektibo para sa kanila. Ang pinakamahalaga ay ang tamang pag-uugali, motibasyon at paninindigan na iwanan ang anumang ginagawa--television man o cellphone--at asamin ang pagsasama-sama ng pamilya para sa oras ng pag-aaral ng banal na kasulatan. ■

Ordering materials is quicker and easier than ever at store.lds.org

Learn how to use the online store visit
youtube.com/LDSPhilippinesArea